GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

PathWest
LABORATORY MEDICINE WA

Gawing Maginhawa ang Pag-iiniksyon MGA NAKAKATANDANG BATA

Pagpili ng collection center

Ang aming collection center sa Perth Children's Hospital (PCH) ay may mga tauhan sa paediatric na may napakahusay na karanasan at inirerekomenda sila lalo na kung ang iyong anak ay may malubhang sakit o kung humiling ng agarang mga pagsusuri ang iyong doktor.

Nag-aalok ang ilang iba pang mga sentro ng mga pagsusuri sa bata, ngunit mahalagang tawagan muna kami sa **13 7284** upang kumpirmahin kung kami ang angkop na sentro. O kaya, talakayin ang pinakamabuting opsyon sa iyong doktor.

Pampamanhid

Para maramdaman ang kirot, kailangang makarating sa ating utak ang senyal ng kirot. Pinipigilan ng pampamanhid na krema ang senyal bago ito magsimula. Mabibili ito sa botika, ngunit maaaring matagalan bago ito magkabisa, kaya planuhin ito nang maaga.

Vibration

Katulad nito, lumilikha ang vibration ng traffic jam ng mga senyales sa ating nervous system. Kapag ipinahid ito sa balat sa pagsusuri ng dugo, pinipigilan nitong makarating sa utak ang senyal ng kirot. Kakaiba, pero totoo, at ito ay gumagana! Hilingin sa iyong kolektor ng specimen na tumulong dito.

Mga pangambala at kalmadong paghinga

Magpasya kung ano ang gusto mong gamiting pangambala. Bago ang pagsusuri at habang sinusuri, magpokus sa isang bagay na nakakapag-relax sa iyo, tulad ng pakikinig sa musika o panonood ng isang nakakatawang video. Ang sinadyang paghinga nang malalim at mabagal na paghinga ay nagpapadala ng mensahe sa iyong katawan at utak upang kumalma at mabawasan ang iyong kirot at pagkabalisa.

Mga komportableng posisyon

Ang pagkakaroon ng mga taong pinagkakatiwalaan sa ating paligid ay nakakatulong sa atin na maging mas kalmado. Pahawakan mo ang iyong kamay sa iyong pinagkakatiwalaang tao o hilingang maupo siya sa tabi mo - anuman ang mainam at nakakaginhawa sa iyo. Lumilikha ito ng mga nagpapakalma at positibong mga kemikal sa utak at nakakabawas sa mga senyales ng kirot.

MGA LOKASYON

Gantimpala

Kung minsan ay kailangan natin ng dahilan para gumawa ng mahirap na bagay. Pag-isipan kung ano ang magtutulak sa iyo para makaraos, at planuhin ito na mangyari kapag nakaraos ka na. Talagang para sa iyo iyan!